

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KAMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

NO. 160

Pista ng Mamamayan

Ang Ika-27 Pagdiriwang ng Mamamayan ng Kawasaki (Kawasaki shimin matsuri) ay gaganapin sa darating na ika-29 hanggang ika-31 ng Oktubre, (Biyernes hanggang Sabado) ng kasalukuyang taon. Sa loob ng tatlong araw ng pagdiriwang, ang parada ay gaganapin sa ika-30 ng Oktubre, Sabado. Ang pagdiriwang ay gaganapin sa Fujimi-Koen (Fujimi Park) na maaaring lakarin ng may sampung minuto (10 minutes) mula sa istasyon ng Kawasaki-JR at Kawasaki-Keihin Kyuko. Ipinaalam sa lahat na ang pagdiriwang ay dating tuwing buwan ng Nobyembre ng bawat taon ay inilipat ngayong taon sa buwan ng Oktubre.



Mga Konsiyerto (Nakahara Ward Youth Wind Concert)



Sa bawat taon ng pagdiriwang ng Araw ng Kultura (Bunka no Hi), ngayong taon ay hindi naiibang panahon upang ganapin ang nasabing Konsiyerto ng Nakahara Ward Youth Wind Instrument. Ang konsiyerto ay gaganapin sa ika-3 ng Nobyembre 2004, Miyerkoles, sa Epoch Nakahara Hall, mula alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon. Ang konsiyerto ay libreng palabas kung kaya't ang lahat ay inaanyayahang makilahok at makipagsaya sa araw na ito.

(Konsiyerto ng Sinuman, Kahit Kailan)



Nang nakaraang buwan ng Agosto ng kasalukuyang taon, inilunsad ang bagong proyekto ng Siyudad ng Kawasaki na sa mga kalsada na nakapaligid sa istasyon ng Kawasaki ay maaari nang mapakinggan ang musika mula sa kahit na sinong amatyur o propesyonal na mang-aawit o kaya grupo ng banda. At sa darating na ika-31 ng Oktubre 2004, Linggo, ay may gaganaping malakihang konsiyerto sa Education and Cultural Hall. Ang nasabing pagdarausan ng konsiyerto ay maaring lakarin ng may 10 minuto mula sa istasyon ng Kawasaki. Makipag-ugnayan sa Kawasaki Ward Offices Regional Promotion Section para sa detalye ng mga "performers" at iskedyul ng nasabing konsiyerto. Tel: 044-201-3127.



No. 161

Silid-Aklatan, Bukas na para sa Publiko

Ang tahanan, paaralan at komunidad ay nagbuklod-buklod upang itaguyod at bigyan ng halaga ang pagbabasa ng aklat ng mga kabataan. Sa kadahilanang ito, ang mga silid-aklatan ng mga sumusunod na paaralan ay bukas na para sa lahat ng mga bata at may gulang na nagnanais makapag-basa ng aklat at iba't-ibang uri ng babasahin:

- Oda Elementary School sa Kawasaki Ward
- Ida Elementary School sa Nakahara Ward
- Arima Junior Highschool sa Miyamae Ward
- Minami Ikuta Elementary School sa Tama Ward
- Minami Suge Junior Highschool sa Tama Ward
- Okagami Elementary School sa Asao Ward
- Kurikidai Elementary School sa Asao Ward



Ang mga silid-aklatan ay bukas tuwing sabado hanggang sa ika-19 ng Marso 2005. Sa darating na Linggo ng Aklat ng Kawasaki, mula petsa ika-1 hanggang ika-14 ng Nobyembre 2004, ang lahat ng mga silid-aklatan ay bukas rin para sa lahat. Maaari din gamitin ang mga silid-aklatan sa darating na "winter holidays" mula ika-26 ng Disyembre 2004 hanggang ika-9 ng Enero 2005.


Ang mga silid-aklatan ay bukas mula ika-10 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon sa mga nabanggit na araw. Maaaring gamitin ang mga “reference rooms” at “reference books” subalit hindi ito maaaring ilabas mula sa silid-aklatan. Ang iskedyul ng pag-gamit ng silid-aklatan ay maaring mabago kung matataong may kasayahan o ibento ang alin man sa mga nabanggit na paaralan. Maaaring tumawag sa Guidance Section of City’s Education Board Tel: 044-200-3290 para sa iba pang impormasyon na nauukol sa paggamit ng silid-aklatan.

Kasayahang Musika sa Takatsu Ward

Ang mga samahan ng mga Musikang Mamamayan sa Takatsu Ward ay magtatanghal ng isang Kasayahang Musika sa Maeda Hall ng Senzoku Gakuen College of Music sa darating na ika-3 ng Nobyembre 2004, Miyerkoles at sa Scrum 21 Hall ng Human Rights and Gender Equality Office sa darating na ika-13 ng Nobyembre 2004, Sabado. Para sa karagdagan impormasyon tumawag sa Tel:044-861-3133 ng Takatsu Ward Office Regional Promotions Section . No.162

Kasayahan sa Tama Ward

Matatagpuan sa Tama Ward ang Ikuta Ryokuchi Park na kung saan gaganapin ang Kasayahan ng Tama Ward, sa ika-7 ng Nobyembre 2004, Linggo. Ang kasayahan ay binubuo ng pagtatanghal sa entablado, pagpapakita ng mga eksibit, mayroon din paripa (raffle draw) at marami pang ibang kasiyahan. Ang Ikuta Ryokuchi Park ay lugar na may magandang tanawin ng kalikasan na kaayaaya sa pamamasyal. Para sa iba pang detalye tumawag lamang sa Tama Ward Office, Regional Promotion Section Tel: 044-935-3130.



Fresh Food Fair sa Palengke ng Nambu



Magdaraos ng isang Fresh Food Fair sa ika-7 ng Nobyembre 2004, Linggo, mula ika-10 ng umaga hanggang ika-2 ng hapon. Iba’t-ibang uri ng sariwang pagkain at bulaklak ay mabibili sa murang halaga. Sari-saring ibento tulad ng “Get Vegetables as Much as You can Grasp in One Handful”, pagpapakita ng “tuna cutting”, itatanghal din ang “Go! Go! Anpan-Man Show at marami pang iba ang masasaksihan sa araw ng kasayahan. Ang palengke ng Nambu ay maaaring lakarin ng may 3 minuto mula sa istasyon ng Shitte. Nag istasyon ng Shitte ay mararating sa pamamagitan ng JR Nambu Line. Para sa iba pang detalye tumawag sa Kawasaki City Nambu Market Business Section Tel:044-543-5272.

Pagtitiyon ng mga Kinatawan ng Siyudad ng Kawasaki para sa mga Dayuhan

(Kawasaki City Representative Assembly for Foreign Residents)

Ang pagtitiyon ng mga Kinatawan ng Siyudad ng Kawasaki para sa mga dayuhan ay itinatag na may layuning itaguyod ang bahaging gagampanan ng mga dayuhan sa gobyerno, maitatag ang pagkakaunawaan ng bawat panig at maitatag ang isang lokal na komyunidad para sa maayos na pamumuhay. Ang pagtitiyon ay ginaganap sa loob ng dalawang araw at apat na beses sa isang taon. Sa panahong ito ay maaring mapag-usapan ang mga bagay-bagay na makakatulong sa pag-unlad ng samahan para sa kapakanan ng mga dayuhan. Isusumiti sa Meyor ng Kawasaki ang lahat ng napag-usapan at ang resulta ay ipapahayag sa Samahan ng mga Kinatawan ng Siyudad ng Kawasaki pati na rin sa Publiko. Ang susunod na pagtitiyon ay gaganapin sa ika-14 ng Nobyembre 2004, Linggo, mula ika-2 hanggang ng ika-5 ng hapon sa Kawasaki International Center. Ang lahat ay inaanyayahang makilahok at makinig sa pagpupulong na ito.

Issued by The Kawasaki International Association

237-1 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>